
# REGALO Kay JUNY

Grade 1





Kwento ni: Clarise Grace M. Eduarte
Guhit ni: Roberto V. Duldulao Jr.
Pag-aanyo ni: Jun Bernard S. Camonay
Patnugot ni: Cheryl Raymundo-Ramiro, PhD



SCHOOLS DIVISON OF SANTIAGO CITY
REGION 2

# REGALO Kay JUNY

Grade 1



ni
Clarise Grace M. Eduarte



# Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2017 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

**Eduarte, Clarise Grace M.,** *Regalo Kay Juny*. **DepEd-BLR, 2018.**

**DEVELOPMENT TEAM**

Writer: Clarise Grace M. Eduarte
Illustrator: Roberto V. Duldulao Jr.
Editor : Cheryl R. Ramiro,Ph.D
Layout Artist: Jun Bernard S. Camonay
Book Designer : Jun Bernard S. Camonay

Learning Resource Manager: Cheryl R. Ramiro,Ph.D. (Division)
Octavio L. Cabasag, Ph.D (CLMD Region)

Schools Division of Santiago City
Region 02

## Panimula

Ang pamagat ng kuwentong inyong mababasa ay pinamagatang “Regalo kay Juny”. Si Juny ay nakatanggap ng regalo, ito ay isang tablet. Ang kuwentong ito ay nagpapakita ng modernong kagamitan sa pamumuhay ng mga bata ngayon. Nang dahil sa mga kagamitang teknolohiya gaya ng laptop, cellphone at tablet ay may mga bagay silang naisasantabi. Tulad ng mas pagbibigay-pansin sa pag-aaral, pagpapaganda ng samahan sa pamilya at paglalarong pisikal sa kabataan ngayon.

Dahil sa sobra at maling paggamit ng mga kagamitang teknolohiya, naaapektuhan ang pag-aaral ng mga bata, sa halip na makatulong sa kanilang pag-aaral ay nagagamit ang mga kagamitang ito sa paglalaro. Kalaunan ay nagiging sanhi ng pagkababa ng grado sa paaralan, pagkalabo ng mata, pagiging tamad, kawalan ng pokus, mahinang panga-ngatawan at tampuhan o hindi pagkakasundo sa pamilya.

Para sa mga babasa, unawain ang kahalagahan ng tamang paggamit sa mga kagamitang teknolohiya. Ito ay para makatulong sa pag-aaral. Isaisip palagi ang pangaral ng ating mga magulang.

Para sa mga magulang, ang pamilya ang siyang humuhubog sa pagkatao ng ating mga anak kaya maging responsable at bantayan ang mga ito. Sila ay lalaking mas mabubuti kung matututo silang sumunod sa mga alituntunin sa bahay. Ang pagsasama-sama at pag-uunawaan, ang siyang bumubuo sa isang masayang pamilya.

Ang aklat na ito ay naglalayong buhayin ang kultura ng mga Pilipino na nagpapakita ng malapit na relasyon sa ating pamilya, ang pagkain ng sama-sama at paglalaro ng pisikal ay nakakatulong sa paghubog ng samahan at pangangatawan ng ating mga anak.

**Pag-uunay sa Kurikulum sa Unang Baitang**

*Ang kuwentong ito ay nakapaluob sa kurikulum ng unang baitang na lumilinang sa mga sumusunod na kasanayan:*

| ARALING PANLIPUNAN | | | |
|---|---|---|---|
| **Kaugnay na batayan** | **Pamantayan sa Pagtututo** | **Kaugnayan sa Kwento** | **Aral na makukuha** |
| Ang kuwento ng aking pamilya<br>(Ikalawang Markahan) | Nailalarawan ang mga pagbabago sa nakagawiang gawain at ang pinapatuloy na tradisyon ng pamilya ***AP1PAM-IId-10*** | Dahil sa nagka-roon ng *tablet* si Juny, hindi na ito nakikipagla-ro sa kanyang mga kapatid, hindi na rin siya nagbibisikleta o naglalaro ng bola. Mahirap na rin siyang tawagin upang sumabay sa pagkain. | Dapat matutong magpahalaga sa pag-sasama at oras sa bawat miyembro ng ating pamilya. Pahalagahan ang pagkain. |
| Mga Alituntunin sa Pamilya<br>(Ikalawang Markahan) | Naiisa-isa ang mga alituntunin ng pamilya **AP1PAM-IIe-14** | Sa kuwento ay may mga munting bilin ang ama kay Juny. At noong napansin ng kanyang ama ang pagba-bago sa ugali ni Juny, binawi niya pansaman-tala ang *tablet*. | Sa ating bahay, madalas ay dinidisiplina tayo ng ating mga magulang sa pamamagitan ng pagbabawal sa mga bagay na ating kinahi-hiligan lalo na ang mga nakasa-sama para sa atin. Atin itong unawain, na ang lahat ng ito ay para sa ating ikabu-buti. |
| Mga Alituntunin sa Pamilya<br>(Ikalawang Markahan) | Nakagagawa ng wastong pagkilos sa pagtugon sa mga alituntunin ng pamilya **AP1PAM-IIf-17** | Sa kwento, nagpakita ng pagdabog si Juny sa kanyang ama nang bawiin ang kanyang *tablet*. | Hindi tama ang pagda-dabog, dapat ay humingi ng pasensiya sa mga bagay na nagawang mali. |

| EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO | | | |
|---|---|---|---|
| **Kaugnay na batayan** | **Pamantayan sa Pagtututo** | **Kaugnayan sa Kwento** | **Aral na makukuha** |
| Pampamilyang Pagkakabuklod (Unang Markahan) | Nakakikila ng mga gawaing nagpapakita ng pagkaka-buklod ng pamilya tulad ng 5.1. pagsasama-sama sa pagkain **EsP1PKP- Ig – 6** | Ang pamilya ay lagging nagtu-tulungan at sama-sama.<br>Sa kwento ipinakita ang sama-samang pagkain ng pamilya. | Mahalaga ang pagtutulu-ngan sa pamilya. Ito ay nagpapakita ng pagkakaisa. Mahalaga rin ang kumain ng sabay-sabay ang buong pamilya upang makapag-kwentuhan sa pangyayari sa bawat isa. |
| Pampamilyang Pagkakabuklod (Unang Markahan) | Nakatutukoy ng mga kilos at gawain na nagpapakita ng pagmamahal at pagmamalasakit sa mga kasapi ng pamilya **EsP1PKP- Ii– 8** | Sa kuwento umiyak si Juny sa takot dahil akala niya kakainin na siya ng *tablet*. Ngunit nariyan ang kanyang pamilya na nagpahinahon sa kanya. | Sa panahon ng kalungkutan at kawalan ng pag-asa. Ang pamilya ang siyang unang dadamay sa iyo at magpapagaan sa iyong<br>nararamdaman |
| Pagmamahal sa kapwa 1. Pagdama sa damdamin ng iba (Empathy) (Ikalawang Markahan) | Nakapagpa-pakita ng pag-mamahal at paggalang sa mga magulang **EsP1P- IIa-b – 1** | Sa kwento, pinangaralan ng ama si Juny | Kung tayo ay napagalitan ng ating mga magulang, huwag itong ikalungkot. Ito ay pagpapakita nila ng pag-mamahal sa atin dahil ayaw nila tayong mapasama. |
| Pagmamahal sa kapwa 1. Pagdama sa damdamin ng iba (Empathy) (Ikalawang Markahan) | Nakapagpa-pakita ng pag-mamahal at paggalang sa mga magulang **EsP1P- IIa-b – 1** Nakapag-papakita ng paggalang sa pamilya at sa kapwa sa pama-magitan ng: 11.3. pakikinig habang may nagsasalita | Sa kwento, pinangaralan ng ama si Juny.<br>Ang mga palitan ng salita sa kwento ay kakiki-taan ng mga magagalang na pananalitan. | Kung tayo ay napagalitan ng ating mga magulang, huwag itong ikalungkot. Ito ay pagpapakita nila ng pag-mamahal sa atin dahil ayaw nila tayong mapasama.<br>Mahalaga ang maging magalang sa ating pananalita. Bilang bata kahit ikaw ay pinagagalitan na ng iyong mga magulang dapat ka pa ring maging magalang sa kanila. |


| | | | |
|---|---|---|---|
| | 11.4. pagsagot ng "po" at "opo"<br>11.6"salamat"<br>**EsP1P- IIg-i– 5** | | Ang pagsasabi ng po at opo ay nagpapakita ng paggalang.<br>Ang pagdabog sa pananalita ay nagpapakita ng hindi pagrespeto sa taong kausap. |

| **HEALTH** | | | |
|---|---|---|---|
| **Kaugnay na batayan** | **Pamantayan sa Pagtututo** | **Kaugnayan sa Kwento** | **Aral na makukuha** |
| *Health habits and hygiene*<br>*Proper behavior during mealtime.*<br>*(Ikalawang Marka-han)* | *Identifies proper behavior during mealtime*<br>**H1PH-IIa-b-1** | Sa kwento naipakita ang pagkakasabay-sabay sa pagkain ng pamilya | Mahalaga ang pagkain ng sabay-sabay sa pamilya dahil dito nabubuo ang pagkaka-mustahan sa buong araw. |
| *Engaging in physical activity*<br>*(Ikalawang Marka-han)* | *Realizes the importance of practicing good health habits*<br>**H1PH-IIj-5** | Sa kwento, nagbigay diin ang kahalagahan ng paglalaro ng pisikal sa halip na paglalaro ng *tablet.* | May magandang dulot ang paglalaro ng pisikal, ito ay upang mas tumibay ang ating panga-ngatawan. |

## PAG-ALIS NG BALAKID:

1. ***Pagkasabik***- pagkatuwa
2. ***Humiling*** – nagnais na makuha o makamit
3. ***Tablet***- isang uri ng kagamitang panteknolohiya na nagagamit upang makapanood, makarinig at magsaliksik ng mga bagay-bagay.
4. ***Maramot***- hindi namimigay
5. ***Ninja*** - isang taong magaling sa pakikipaglaban (martial arts) lalo na sa paghawak ng mga sandata katulad ng espada.

Abala ang lahat dahil ngayon ang kaarawan ko. Nagluluto si Nanay. Sina Tatay, Ate at Kuya naman ay nag-aayos sa sala.



Masaya akong makita na nagtutulong-tulong sila para sa kaarawan ko. Ngunit natutuwa ring akong isipin ang regalong matatanggap ko mula kina Nanay at Tatay.



Taon-taon ay may regalo akong natatanggap. Noong ako ay apat na taong gulang, binigyan nila ako ng bola. Sumunod ay bisikleta.



"Ano kaya ang matatanggap ko sa taong ito?" may pagkasabik sa aking mga mata habang nakatingin sa hawak nina Nanay at Tatay.



"Maligayang... maligayang... maligayang bati. Hipan mo na ang mga kandila sa iyong cake," ang sabi nina Ate at Kuya.



Ipinikit ko ang aking mga mata pagkatapos ay humiling na sana ay laruan o rubber shoes ang matang-gap kong regalo kina Nanay at Tatay.



Dahan-dahan kong binuksan ang aking regalo. Sa tingin ko ito ay isang libro. Baka naman ito ay….

Naputol ang aking iniisip nang bigla akong mapa-wow sa aking nakita.



Isang tablet ang regalo sa akin.

"Anak, iyan ay magagamit mo sa iyong pag-aaral. Lalagyan natin ng mga videos para mas madali kang matuto sa mga alpabeto at bilang," ang paliwanag ni Tatay.



"Sige po Tatay. Huwag po kayong mag-alala mas gagalingan ko pa po ang pag-aaral," buong pagmamalaki kong sinabi.




"Hiraman kayo nina Ate at Kuya mo diyan anak para makatulong din sa kanilang pag-aaral," sabi ni Tatay.

"Opo!" buong saya kong sinabi sabay ngiti kina Ate at Kuya.




Madali kong natutunan ang pagpindot sa tablet. Ako na rin mismo ang pumipindot sa gusto kong panoorin. Nilagyan pa namin ito ni Kuya ng mga laro kaya mas lalo akong nahilig.



**Pagkagaling sa paaralan ay ito na agad ang aking hinahawakan. Mapapaalis mo lamang ako sa harapan ng aking tablet sa oras ng pagkain.**



Ngunit di nagtagal ay mas lalo akong nahilig sa paggamit nito. Ayaw ko nang mag-aral. Ayaw ko na ring makipaglaro kina Ate at Kuya dahil mas natutuwa ako sa paglalaro ng aking tablet.




Sinabi ni Nanay na nagbago na raw ang aking pag-uugali. Naging tamad akong mag-aral at tumulong sa bahay. Naging maramot ako dahil ayaw kong ipahiram kina Ate at Kuya ang tablet.



"Juny, kakain na," malakas na sigaw ni Nanay.

Blag! ang malakas na tunog ng pinto.

"Juny, kanina ka pa tinatawag ng nanay mo para kumain. Halika't kakain na tayo," malakas na sabi ni Tatay.



"Bumili ako ng tablet para may magamit kayo sa pag-aaral ninyo. Juny, sana ay maintindihan mo ang dapat mong unahin," ang pagpapaliwanag ni Tatay.



"Opo," ang mahina kong sabi.

"Ibigay mo muna ang tablet sa iyong nanay. Kapag kailangan na ninyo ito sa inyong pag-aaral saka ninyo lang ito maaaring gamitin," ang sumunod na sabi ni Tatay.



"Pero Tatay paano po ang nilalaro ko? Malapit na po akong makalipat sa next level at matatalo ko na ang mga Ninja doon."



"Iba na ang ginagawa mo, anak. Ni hindi ka na tumutulong sa mga gawaing bahay kahit magligpit lang ng laruan mo. Madalas mo pang inaaway ang iyong mga kapatid at hindi ka na nakikipaglaro sa kanila," ang pangaral ni Tatay.



“Wala na akong ginawang tama. Ako… ako na lang ang laging mali,” mangiyak-ngiyak kong sabi sabay takbo papunta sa kuwarto ko.



Nagkulong ako sa kuwarto at umiyak nang umiyak hanggang sa makatulog.

"Kring… krang… kring…" ang malakas na tunog ng aking alarm clock.



Natuwa ako nang makita kong nasa tabi ng alarm clock ang aking tablet.

"Yehey! Hindi ito kinuha ni Nanay," ang sabi ko.



“Nay… Tay… Ate… Kuya…,” sigaw ko pero walang lumabas sa kanila. “Nakapagtataka iniwan nila ako. Makapasok na nga! Siguro ay masama ang loob ni Tatay sa akin,” bulong ko sa aking sarili.



“Kringgggggg… kringgggggg...” tapos na ang aming klase.

Inilabas ko ang aking tablet habang hinihintay ko sina Nanay at Tatay para ako ay sunduin.



Pagkalipas ng isang oras at magdidilim na ay wala pa rin sila. Kaya naisipan kong umuwi na lang mag-isa.

Ako ay naglalaro habang naglalakad, “Sige.. sige… matatalo rin kita!”



“Nay… Tay… Ate.. Kuya,” buong lakas kong sigaw. Ngunit wala pa rin sila.

Kinakabahan na ako dahil malapit nang magdilim at ayaw kong mag-isa.




Naglaro na lang ako sa aking tablet, upang malibang habang hinihintay ko ang aking pamilya. Nang biglang nag-dilim ang paligid, kasabay nito ang kakaibang tunog.



Bigla-biglang nagbago ang itsura ng aking tablet. Lumalaki ito at nagkakaroon ng malaking mata, pangil, at kamay.

Ibinato ko ito. Ngunit unti-unti itong lumalapit sa akin. "Juny, sumama ka sa akin," ang sabi ng aking tablet.



Sa takot ko, ako ay nagtalukbong at nagsisigaw ng "Nay… Tay… Ate… Kuya… Nay… Tay… Kuya… Ate…"

"Anak… anak… gising na," ang sabi ni Nanay.




Niyakap ko si Nanay nang mahigpit. “Nay, akala ko wala na po kayo!” buong iyak kong sinabi.

“Ano? Nandito lang kami palagi, ang pamilya mo. Hindi kami mawawala,” ang sabi ni Nanay.



"Nay, pangako po, hindi na ako magiging pasaway na bata. Palagi na akong makikinig sa inyo. Hindi ko na gagamitin ang tablet para sa paglalaro," sinasabi ko habang umiiyak.



"Salamat anak at naiintindihan mo na," ang sabi ni Tatay.

"Opo Tay, pangako! Mag-aaral po akong mabuti. Makikipaglaro na po ulit ako kina Kuya at Ate. Mas mainam po silang kalaro," buong ngiti kong sinabi.



**Mga Gabay na Tanong:**

1. Ano ang regalong natanggap niya mula sa kaniyang mga magulang?
2. Ilarawan ang pag-uugali noon ni Juny bago niya natanggap ang kanyang regalo?
3. Ilarawan ang pag-uugali ni Juny matapos niyang matanggap ang kanyang regalo?
4. Tama ba ang mga inasal ni Juny sa kanyang mga magulang, kapatid at sa kanyang pag-aaral? Bakit?
5. Kung ikaw si Juny dapat ka bang makinig sa pangaral sa iyo ng iyong mga magulang? Bakit?
6. Ano ang gagawin mo kung ikaw ay napagsabihan ng iyong mga magulang?

## TUNGKOL SA MAY-AKDA



Siya si **Clarise Grace M. Eduarte**. Ipinanganak sa Santiago City, Isabela. Siya ay nakapagtapos ng Bachelor in Elementary Education sa University of La Salette, Inc. noong Marso, 2010.

Una siyang nagturo sa Children First School ng apat na taon. Bago lumipat sa University of La Salette, Inc. at nagturo ng dalawa taon. Sa kasalukuyan, dalawang taon na siyang nagtuturo sa pampublikong paaralan sa Sinili Integrated School.

## Gintong aral

Ang pamilya ang siyang gumagabay sa ating paglaki. Mahalaga sa pamilya ang sama-samang gumagawa ng mga gawaing-bahay at pagkain, ito ay nagpapakita ng pagtutuungan at pagkakaisa sa pamilya.

Ang mga magulang ang responsable sa pagpapalaki nang tama sa atin. Natural lamang na disiplinahin tayo ng ating mga magulang tulad ng pagbabawal sa mga bagay na hindi makabubuti sa atin. Atin itong unawain, na ang lahat ng ito ay para sa ating kapakanan.

Kung tayo ay napagagalitan, hindi tama ang pagdadabog. Ito ay pagpapakita ng kawalan ng respeto. Dapat ay humingi ng pasensiya sa mga bagay na nagawang mali.

Iwinawasto ng mga magulang ang ating pag-uugali dahil mahal nila tayo at ayaw nila tayong lumaking masama. Maging magalang sa lahat ng pagkakataon. Ang pagsasabi ng po at opo ay nagpapakita ng paggalang.

Sa panahon ng kalungkutan at kawalan ng pag-asa, ang pamilya ang siyang unang dadamay sa iyo at magpapapagaan sa iyong nararamdaman.

May magandang dulot ang mga gawaing pisikal, ito ay upang mas tumibay ang ating pangangatawan. Sa paglalaro rin ay nabubuo ang magandang samahan sa mga magkakapatid.

